



**MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN NG ROANOKE COUNTY**  
**Departamento ng Pagtuturo**  
5937 Cove Rd. Roanoke, VA 24019 ♦ (540) 562-3900



Mike Riley  
Executive Director ng Sekondaryang Pagtuturo  
Ext. 10131 mriley@rcps.us

Kim Bradshaw  
Ehekutibong Direktor ng Elementaryang  
Pagtuturo  
Ext. 10132 kbradshaw@rcps.us

Agosto 13, 2026

Mahal na Magulang,

Noong Disyembre 10, 2015, nilagdaan bilang batas ang *Every Student Succeeds Act (ESSA)*. Ayon sa Section 1112(e)(1)(A), bilang magulang ng estudyante sa paaralang tumatanggap ng Title I funds, may karapatan kang malaman ang propesyonal na kwalipikasyon ng mga guro sa silid-aralan na nagtuturo sa iyong anak. Kinakailangan ng pederal na batas na ibigay ng dibisyon ng paaralan ang impormasyong ito sa iyo sa tamang oras kung hihilingin mo. Partikular, may karapatan kang humiling ng mga sumusunod na impormasyon tungkol sa bawat guro sa silid-aralan ng iyong anak:

- Kung natugunan ng guro ang mga pamantayan ng kwalipikasyon at lisensya ng estado para sa antas ng baitang at mga asignaturang pinagtuturuan ng guro.
- Kung ang guro ay nagtuturo sa ilalim ng emergency o iba pang pansamantalang katayuan dahil sa mga espesyal na kalagayan.
- Kung ang guro ay nagtuturo sa larangan ng disiplina ng sertipikasyon o degree na kanyang natanggap.
- Kung ang mga paraprofessional ay nagbibigay ng serbisyo sa iyong anak at, kung oo, ang kanilang mga kwalipikasyon

Bilang karagdagan sa mga karapatan tungkol sa impormasyon ng guro, ang Seksyon 1112(e)(2) ng Every Student Succeeds Act of 2015 (ESSA) ay nag-uutos sa mga dibisyon ng paaralan na ipaalam sa mga magulang ng mga estudyante sa mga paaralang may Title I na may karapatan silang malaman ang mga patakaran ng estado o dibisyon hinggil sa paglahok ng mga estudyante sa anumang pagsusuri na ipinag-uutos ng ESSA, kabilang ang anumang patakaran, pamamaraan, o karapatan ng magulang na i-opt out ang mga estudyante sa ganitong mga pagsusuri. Walang opt-out program ang Virginia, ngunit kung nais mong makatanggap ng impormasyon tungkol sa pagtanggì sa SOL test, mangyaring makipag-ugnayan kay Ben Williams, RCPS Director of Assessment, alinman sa telepono sa 562-3900 x10257, o sa pamamagitan ng e-mail sa bewilliams@rcps.us.

Ang mga magulang na interesado na malaman pa ang tungkol sa tagumpay ng mga estudyante sa paaralan ay maaaring bisitahin ang bagong site ng Virginia Department of Education School Quality Profile. Makikita ito online sa <http://schoolquality.virginia.gov/>.

Kung nais mong makatanggap ng alinman sa impormasyong ito, kabilang ang hard copy ng School Quality Profile, mangyaring makipag-ugnayan sa punong-guro ng iyong anak.

Lubos na gumagalang,

Kimberly Bradshaw  
Ehekutibong Direktor ng Elementaryang Pagtuturo